# Ang Tunay na Iglesia

J. C. Ryle

Salin sa Tagalog ng “The True Church”

KEE Ministry Library · Faithful Men
kee-ministry-library.netlify.app/tagalog/

## Ang Tunay na Iglesia

Nais kong mapabilang ka sa iisang tunay na Iglesia: sa Iglesiang sa labas nito ay walang kaligtasan. Hindi ko itinatanong kung saan ka nagsisimba tuwing Linggo; ang tanong ko lamang ay, "Kabilang ka ba sa iisang tunay na Iglesia?"

Nasaan ang iisang tunay na Iglesiang ito? Ano ang anyo ng iisang tunay na Iglesiang ito? Ano ang mga tanda na makikilala ang iisang tunay na Iglesiang ito? Tama lamang na itanong mo ang mga bagay na ito. Pakinggan mo ako, at bibigyan kita ng ilang sagot.

Ang iisang tunay na Iglesia ay binubuo ng lahat ng sumasampalataya sa Panginoong Jesus. Binubuo ito ng lahat ng hinirang ng Diyos—ng lahat ng lalaki at babaing nagbagong-loob—ng lahat ng tunay na Cristiano. Sa sinumang makikita natin ang paghirang ng Diyos Ama, ang pagwiwisik ng dugo ng Diyos Anak, at ang gawaing nagpapabanal ng Diyos Espiritu, sa taong iyon ay nakikita natin ang isang kaanib ng tunay na Iglesia ni Cristo.

Ito ay isang Iglesia na ang lahat ng kaanib ay may iisang mga tanda. Silang lahat ay ipinanganak na muli ng Espiritu; silang lahat ay may "pagsisisi sa Dios, at pananampalataya sa ating Panginoong Jesucristo," at kabanalan sa pamumuhay at pakikitungo. Silang lahat ay napopoot sa kasalanan, at silang lahat ay umiibig kay Cristo. Iba-iba ang kanilang paraan ng pagsamba; ang iba ay sumasamba na may nakasulat na panalangin, at ang iba ay wala; ang iba ay sumasambang nakaluhod, at ang iba ay nakatayo; ngunit silang lahat ay sumasamba nang may iisang puso. Silang lahat ay pinapatnubayan

ng iisang Espiritu; silang lahat ay nagtatayo sa iisang saligan; silang lahat ay kumukuha ng kanilang pananampalataya sa iisang aklat—ang Biblia. Silang lahat ay nakaugnay sa iisang dakilang sentro—si Jesucristo. Silang lahat, kahit ngayon pa lamang, ay makapagsasabi nang may iisang puso, "Aleluya"; at silang lahat ay makatutugon nang may iisang puso at tinig, Amen at Amen.

Ito ay isang Iglesia na hindi umaasa sa sinumang ministro sa lupa, gaano man nito pinahahalagahan ang mga nangangaral ng Ebanghelyo sa mga kaanib nito. Ang buhay ng mga kaanib nito ay hindi nakasalalay sa pagiging kasapi ng isang iglesia, sa bautismo, o sa Hapunan ng Panginoon—bagaman lubos nilang pinahahalagahan ang mga bagay na ito kapag maaaring makamit. Ngunit iisa ang Dakilang Ulo nito—iisang Pastol, iisang Obispo—at iyon ay si Jesucristo. Siya lamang, sa pamamagitan ng Kaniyang Espiritu, ang tumatanggap sa mga kaanib ng Iglesiang ito, bagaman ang mga ministro ay maaaring magturo ng pinto. Hangga't hindi Niya binubuksan ang pinto, walang tao sa lupa ang makapagbubukas nito—maging mga obispo, mga presbitero, mga kombokasyon, o mga sinodo. Sa sandaling magsisi ang isang tao at sumampalataya sa Ebanghelyo, sa sandali ring iyon ay nagiging kaanib siya ng Iglesiang ito. Gaya ng nagsising magnanakaw, maaaring wala siyang pagkakataong mabautismuhan; ngunit taglay niya ang lalong higit na mabuti kaysa anumang bautismo sa tubig—ang bautismo ng Espiritu. Maaaring hindi niya matanggap ang tinapay at alak sa Hapunan ng Panginoon, ngunit kinakain niya ang katawan ni Cristo at iniinom ang dugo ni Cristo sa pamamagitan ng pananampalataya sa bawat araw ng

kaniyang buhay, at walang ministro sa lupa ang makapipigil sa kaniya. Maaari siyang itiwalag ng mga taong inordenahan, at ihiwalay sa mga panlabas na ordenansa ng nagpapanggap na Iglesia; ngunit ang lahat ng inordenahang tao sa sanlibutan ay hindi makapagsasara sa kaniya sa labas ng tunay na Iglesia.

Ito ay isang Iglesia na ang pag-iral ay hindi nakasalalay sa mga anyo, mga seremonya, mga katedral, mga simbahan, mga kapilya, mga pulpito, mga bautismuhan, mga kasuotang pang-simbahan, mga organo, mga kaloob na ari-arian, salapi, mga hari, mga pamahalaan, mga mahistrado, o anumang pabor mula sa kamay ng tao. Madalas itong nabuhay at nagpatuloy kahit naalis na rito ang lahat ng bagay na ito: madalas itong itinaboy sa ilang, o sa mga lungga at yungib ng lupa, ng mga taong dapat sana'y naging kaibigan nito. Ang pag-iral nito ay nakasalalay lamang sa presensya ni Cristo at ng Kaniyang Espiritu; at sapagkat sila'y laging kasama nito, hindi maaaring mamatay ang Iglesia.

Ito ang Iglesiang lalo nang inaangkin ang mga titulo ng Kasulatan para sa kasalukuyang karangalan at pribilehiyo, at ang mga pangako ng darating na kaluwalhatian; ito ang katawan ni Cristo; ito ang kawan ni Cristo; ito ang sambahayan ng pananampalataya at ang pamilya ng Diyos; ito ang gusali ng Diyos, ang saligan ng Diyos, at ang templo ng Espiritu Santo; ito ang Iglesia ng mga panganay, na ang mga pangalan ay nakasulat sa langit; ito ang maharlikang pagkasaserdote, ang lahing hirang, ang bayang pag-aari ng Diyos, ang binili Niyang pag-aari, ang tahanan ng Diyos, ang ilaw ng sanlibutan, ang asin at ang trigo ng lupa; ito ang "Banal na Iglesia Katolika" ng Kredo ng mga Apostol; ito ang "Iisang Katoliko at Apostolikong

Iglesia" ng Kredo ng Nicea; ito ang Iglesiang pinangakuan ng Panginoong Jesus na "ang mga pintuan ng Hades ay hindi magsisipanaig laban sa kaniya," at sinabihan Niya ng, "ako'y sumasa inyo palagi, hanggang sa katapusan ng sanglibutan." (Matt. xvi. 18; xxviii. 20.)

Ito lamang ang Iglesiang may tunay na pagkakaisa. Ang mga kaanib nito ay lubos na nagkakaisa sa lahat ng mas mabibigat na bagay ng pananampalataya, sapagkat silang lahat ay tinuturuan ng iisang Espiritu. Tungkol sa Diyos, at kay Cristo, at sa Espiritu, at sa kasalanan, at sa sarili nilang puso, at sa pananampalataya, at sa pagsisisi, at sa pangangailangan ng kabanalan, at sa halaga ng Biblia, at sa kahalagahan ng panalangin, at sa pagkabuhay na muli, at sa darating na paghuhukom—sa lahat ng puntong ito ay iisa ang kanilang isip. Kumuha ka ng tatlo o apat sa kanila, na hindi magkakakilala, mula sa pinakamalalayong sulok ng daigdig; suriin mo sila nang isa-isa tungkol sa mga puntong ito: makikita mong iisa ang kanilang paniniwala.

Ito lamang ang Iglesiang may tunay na kabanalan. Ang lahat ng kaanib nito ay banal. Hindi lamang sila banal sa pagpapahayag, banal sa pangalan, at banal ayon sa mapagmahal na pagtingin ng iba; silang lahat ay banal sa gawa, sa kilos, sa katotohanan, sa buhay, at sa katapatan. Silang lahat ay higit o kulang na naiaayon sa larawan ni Jesucristo. Walang taong hindi banal ang kabilang sa Iglesiang ito.

Ito lamang ang Iglesiang tunay na katolika, ibig sabihin ay pandaigdigan. Hindi ito Iglesia ng iisang bansa o lahi lamang: ang mga kaanib nito ay matatagpuan sa bawat bahagi ng daigdig kung saan tinatanggap at pinaniniwalaan ang Ebanghelyo. Hindi ito nakakulong sa

hangganan ng iisang bansa, o nakapiit sa loob ng anumang partikular na anyo o panlabas na pamamahala. Dito ay walang pagkakaiba ang Judio at Griego, ang itim at puti, ang Episcopalian at Presbyterian—kundi ang pananampalataya kay Cristo ang lahat. Ang mga kaanib nito ay titipunin mula sa hilaga, at timog, at silangan, at kanluran, sa huling araw, at magmumula sa bawat pangalan at wika—ngunit lahat ay iisa kay Jesucristo.

Ito lamang ang Iglesiang tunay na apostoliko. Ito ay itinayo sa saligang inilagay ng mga Apostol, at pinanghahawakan ang mga aral na kanilang ipinangaral. Ang dalawang dakilang layunin ng mga kaanib nito ay ang pananampalataya ng mga apostol at ang pamumuhay ng mga apostol; at itinuturing nila na ang taong nagsasalita tungkol sa pagsunod sa mga Apostol nang hindi taglay ang dalawang bagay na ito ay walang pinagkaiba sa tansong tumutunog at sa batingaw na umaalingawngaw.

Ito lamang ang Iglesiang tiyak na mananatili hanggang sa wakas. Walang anumang lubos na makagigiba at makawawasak dito. Ang mga kaanib nito ay maaaring usigin, apihin, ibilanggo, bugbugin, pugutan ng ulo, sunugin; ngunit ang tunay na Iglesia ay hindi kailanman lubos na napapawi; bumabangon itong muli mula sa kaniyang mga kapighatian; nabubuhay ito sa gitna ng apoy at tubig. Kapag dinurog sa isang lupain, sumisibol naman ito sa iba. Ang mga Faraon, ang mga Herodes, ang mga Nero, ang mga Madugong Maria, ay nagpagal nang walang kabuluhan upang ibagsak ang Iglesiang ito; pumapatay sila ng libu-libo, at pagkatapos ay pumapanaw at pumupunta sa sarili nilang dako. Ang tunay na Iglesia ay nabubuhay nang higit sa kanilang lahat at nakikita silang inililibing, isa-isa ayon sa kani-

kaniyang panahon. Ito ay isang palihan na nakabasag na ng maraming martilyo sa mundong ito, at marami pang martilyo ang mababasag nito; ito ay isang mababang punongkahoy na madalas nagliliyab, ngunit hindi natutupok.

Ito lamang ang Iglesiang wala ni isa mang kaanib ang mapapahamak. Kapag naitala na sa talaan ng Iglesiang ito, ang mga makasalanan ay ligtas magpakailanman; hindi sila kailanman itatakuwil. Ang paghirang ng Diyos Ama, ang patuloy na pamamagitan ng Diyos Anak, ang araw-araw na nagpapanibago at nagpapabanal na kapangyarihan ng Diyos Espiritu Santo, ay pumapalibot at bumabakod sa kanila gaya ng isang halamanang nababakuran. Ni isang buto ng mistikong katawan ni Cristo ay hindi kailanman mababali; ni isang kordero ng kawan ni Cristo ay hindi kailanman maaagaw mula sa Kaniyang kamay.

Ito ang Iglesiang gumagawa ng gawain ni Cristo sa lupa. Ang mga kaanib nito ay isang munting kawan, at kakaunti ang bilang kung ihahambing sa mga anak ng sanlibutan: isa o dalawa rito, at dalawa o tatlo roon—iilan sa parokyang ito at iilan sa parokyang iyon. Ngunit sila ang yumayanig sa sansinukob; sila ang nagbabago ng kapalaran ng mga kaharian sa pamamagitan ng kanilang mga panalangin; sila ang masisipag na manggagawa sa pagpapalaganap ng kaalaman ng dalisay at walang dungis na relihiyon; sila ang dugong-buhay ng isang bansa, ang kalasag, ang tanggulan, ang alalay, at ang sandigan ng alinmang bansang kinabibilangan nila.

Ito ang Iglesiang tunay na magiging maluwalhati sa wakas. Kapag lumipas na ang lahat ng kaluwalhatian sa

lupa, saka ihaharap ang Iglesiang ito nang walang dungis sa harap ng trono ng Diyos Ama. Ang mga trono, mga pamunuan, at mga kapangyarihan sa lupa ay mauuwi sa wala; ang mga dangal at mga katungkulan, at mga kayamanan ay lilipas lahat; ngunit ang Iglesia ng mga panganay ay magliliwanag na gaya ng mga bituin sa huli, at ihaharap nang may kagalakan sa harap ng trono ng Ama, sa araw ng pagpapakita ni Cristo. Kapag tinipon na ang mga hiyas ng Panginoon, at naganap na ang paghahayag ng mga anak ng Diyos, hindi na mababanggit ang episkopasya, ang presbiteryanismo, at ang kongregasyonalismo; iisang Iglesia lamang ang tatawagin sa pangalan, at iyon ang Iglesia ng mga hinirang.

Mambabasa, ito ang tunay na Iglesia na dapat kabilangan ng isang tao, kung nais niyang maligtas. Hangga't hindi ka kabilang dito, wala kang pinagkaiba sa isang kaluluwang naliligaw. Maaaring taglay mo ang anyo, ang balat, ang upak, at ang talukap ng relihiyon, ngunit wala sa iyo ang tunay na laman at ang buhay. Oo; maaaring marami kang panlabas na pribilehiyo: maaaring tinatamasa mo ang malaking liwanag at kaalaman—ngunit kung hindi ka kabilang sa katawan ni Cristo, ang iyong liwanag, at kaalaman, at mga pribilehiyo, ay hindi makapagliligtas sa iyong kaluluwa. Sayang, sa kamangmangang laganap tungkol sa bagay na ito! Inaakala ng mga tao na kung sasali sila sa iglesiang ito o sa iglesiang iyon, at magiging komulgante, at dadaan sa ilang seremonya, ay tiyak na maayos na ang kanilang kaluluwa. Ito ay isang lubos na pagkalinlang, isang malaking pagkakamali. Hindi lahat ng tinatawag na Israel ay Israel, at hindi lahat ng nagpapakilalang Cristiano ay kaanib ng katawan ni

Cristo. Tandaan mo, maaari kang maging tapat na Episcopalian, o Presbyterian, o Independent, o Baptist, o Wesleyan, o kaanib ng Plymouth Brethren—at gayunma'y hindi kabilang sa tunay na Iglesia. At kung hindi ka kabilang, mas mabuti pa sa huli kung hindi ka na lamang ipinanganak.

Muling inilimbag mula sa Circulation in India, Marso 1902.